PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
VOL. 24 NO. 52 FEBRUARY 16 - 22, 2026 P15.00

## CONGRATULATIONS TO ALL WINNERS OF 2025 PREMYO MULA SA BUWIS

Maraming salamat sa lahat ng ating mga Business Taxpayers na nagbayad ng kanilang business taxes sa tamang oras at nakiisa sa ating 2025 Premyo Mula sa Buwis sa pangunguna ng Pamahalaang Lungsod ng Carmona, sa pangunguna ng Office of the City Treasurer at Business Permit and Licensing Office.







Maaari niyo na pong i-claim ang inyong napanalunan sa Office of the City Treasurer simula ngayong araw. Huwag kalimutang dalhin ang inyong Business Permit para ma-claim ang inyong premyo.

Congratulations po sa lahat ng nagwagi at muli, salamat sa inyong pakikiisa.

## DOST-Batangas trains Calaca City Global College students in technopreneurship and design thinking

By John Maico M. Hernandez




The Department of Science and Technology (DOST)–Batangas conducted a two-day Technopreneurship and Design Thinking Training-Workshop for Computer Science students and faculty members of Calaca City Global College and Calaca Senior High School held at the College Auditorium, Brgy. Madalunot, Calaca City, Batangas, February 9–10.

The training aimed to equip participants with practical tools in innovation, problem-solving, and user-centered design to help them transform ideas into viable technology-driven entrepreneurial solutions.

Mr. Mhark Ellgine A. Libao and Mr. John Maico M. Hernandez of DOST-Batangas facilitated the sessions, with Ms. Anna Marie M. Marasigan assisting during the workshop activities. Participants engaged in interactive discussions and group exercises focused on strengthening both entrepreneurial mindset and innovation skills.

Topics included the foundations of technopreneurship, cultivating a technopreneurial mindset, and the principles and stages of design thinking. The sessions also covered strategies for identifying and addressing community-based problems and approaches to developing feasible technology-driven solutions. Discussions on laws and policies relevant to entrepreneurship, as well as the fundamentals of intellectual property protection, were included to help participants understand the regulatory aspects of innovation.

A pitching competition on the second day served as the culminating activity of the workshop. Seventeen student groups presented proposed solutions to identified community concerns, demonstrating their ability to apply design thinking principles and entrepreneurial strategies in crafting practical and socially responsive innovations.

The two-day activity highlighted the role of technopreneurship in promoting innovation within academic institutions and strengthening the capacity of students and faculty to develop solutions that contribute to community development.




## "Batangas City Triumphs at CALABARZON's 6th Regional CRVS Quiz Bee"




The Philippine Statistics Authority (PSA) – Regional Statistical Services Office IV-A conducted the 6th Regional Civil Registration and Vital Statistics (CRVS) Quiz Bee for Local Civil Registry Office (LCRO) employees on 11 February 2026 at Solano Hotel, Lipa City, Batangas, gathering 15 contestants from various cities and municipalities across CALABARZON. The quiz covered civil registration laws, PSA mandates, and key programs and initiatives that support the strengthening of the country's civil registration and vital statistics system.

In her welcome remarks, Regional Director Charito C. Armonia underscored the importance of continuous learning and staying updated in Civil Registration and Vital Statistics. She described the Quiz Bee as both a competitive and educational platform that enhances knowledge and strengthens the integrity of vital records. She also congratulated the provincial winners who advanced to the regional level, noting that their dedication contributes to a more responsive and reliable civil registration system, while recognizing all participants for their commitment to excellence.

After a competitive set of rounds, Ms. Perla D. Dalida of Batangas City, Batangas emerged as champion. Ms. Mary Grace A. Dantoc of Paete, Laguna secured second place, while Ms. Nessilda N. Manuba of Mauban, Quezon claimed third place.

The Regional CRVS Quiz Bee forms part of the PSA's continuing efforts to recognize the competence of LCRO personnel and reinforce their vital role in delivering accurate and efficient civil registration services in CALABARZON.




PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
VOL. 24 NO. 52 FEBRUARY 16 - 22, 2026 P15.00

# Suporta sa Anti-Political Dynasty Bill, Mas Lumawak sa Cebu Forum Kasunod ng Hating Opinyon sa Carmona

Matapos ang mainit at hati-hating pananaw na lumutang sa unang konsultasyon sa Carmona, mas malinaw at mas malawak na suporta ang ipinakita sa sumunod na public forum na ginanap sa Cebu City kaugnay ng panukalang anti-political dynasty bill.

Sa Carmona consultation, naging kapansin-pansin ang matinding pagkakahati ng mga kalahok—mula sa mga naniniwalang dapat ipatupad ang mahigpit na regulasyon laban sa political dynasties, hanggang sa mga nagsasabing maaaring malabag nito ang karapatan ng bawat mamamayan na tumakbo sa halalan. Ilan sa mga dumalo ang nagpahayag ng pangamba na baka maging limitado




ang pagpili ng mga botante kung magiging masyadong mahigpit ang mga probisyon ng panukala.

Gayunman, sa Cebu forum, mas nangingibabaw ang mga nagsusulong ng malinaw at komprehensibong batas laban sa political dynasties. Maraming kalahok ang naglatag ng mga tiyak na rekomendasyon hinggil sa saklaw at restriksyon ng panukala, kabilang ang pagtakda ng malinaw na depinisyon ng "political dynasty," paglalagay ng limitasyon sa sabay-sabay na pagtakbo o paghawak ng posisyon ng magkakamag-anak sa loob ng isang lalawigan o distrito, at pagtukoy ng antas

(SEE PAGE 3)

## Cases to Be Filed vs. Cavite BFP Unit as DILG Sec. Remulla Uncovers New Modus



The Department of the Interior and Local Government (DILG) is now preparing administrative charges against the entire unit of the Bureau of Fire Protection (BFP) in Silang, Cavite for alleged rampant money-making racket targeting small businessmen.

DILG Secretary Jonvic Remulla said the latest victim was his nephew whom he said suffered from the modus of the local BFP unit during his application for business, particularly in getting fire inspection certificate for a convenience store.

He narrated that his nephew paid fire inspection fee last year but no inspection actually took place, which resulted in the non-issuance of a fire safety inspection certificate.

When his nephew applied for business renewal in January this year, he was

(SEE PAGE 3)

## Medical and Dental Mission Benefits 250 Residents in Amadeo

The Local Government Unit (LGU) of Amadeo, led by Mayor Jojo Domingo, partnered with Operation Blessing Foundation Philippines Inc. to hold a comprehensive medical and dental mission in Barangay Pangil last week, providing vital health services to hundreds of residents.

The outreach program served a total of 250 patients, offering a wide range of free medical and dental treatments. Medical services included general consultations, surgery, dermatology, electrocardiogram (ECG) monitoring, laboratory tests, urinalysis, fecalysis, rapid diagnostic tests, and free reading glasses for patients in need. Meanwhile, dental services addressed oral health through tooth extractions, fillings, and professional teeth cleaning.

Beyond consultations, beneficiaries also received free medicines and wheelchairs, ensuring that assistance extended beyond diagnosis and treatment. The initiative reflects the LGU's commitment to improving access to health-

(SEE PAGE 7)

## Mas Kompetitibo at Sustainable na Mais, Isinusulong ng DA

Upang higit pang pagtibayin ang pagkakahanay ng mga panrehiyong programa at estratehiya sa mais at matiyak ang mas epektibong pagpapatupad ng mga inisyatiba para sa pagpapaunlad ng sektor, isinagawa ng Department of Agriculture sa pamamagitan ng National Corn Program (DA-NCP) ang 2027 Strategic Planning Workshop sa Subic mula Enero 26 hanggang 30, 2026.

Layunin ng limang araw na workshop na masusing suriin ang kasalukuyang kalagayan ng industriya ng mais, tukuyin ang mga pangunahing hamon at oportunidad, at bumuo ng isang komprehensibong plano ng aksyon at kaukulang badyet para sa implementasyon ng National Corn Program sa susunod na taon.

Dinaluhan ang aktibidad ng mga corn program focal person mula sa lahat ng rehiyon sa bansa, katuwang ang mga kinatawan mula sa pribadong sektor, livestock focal units, at iba pang kaugnay na stakeholder. Aktibong lumahok ang mga kalahok sa serye ng mga talakayan, workshop, at konsultasyon upang matiyak ang maayos na koordinasyon, pagkakahanay ng mga polisiya, at pagtutugma ng mga interbensyon sa pangangailangan ng iba't ibang rehiyon at subsektor ng industriya ng mais.

Binigyang-diin ng DA-NCP ang pagpapatupad ng mas nakabatay sa pangangailangan at mas tumutugon sa kalagayan ng mga magsasaka na lapit sa pagpaplano at pagpapatupad ng mga programa. Tinalakay ang kahalagahan ng pagpapatibay ng corn clusters bilang mekanismo upang mapahusay ang kolektibong produksyon, mapababa ang gastos sa produksyon, at mapalakas ang ugnayan ng mga magsasaka sa merkado at iba pang institusyon.

Kasabay nito, binigyang-pansin hindi lamang ang pagtaas ng kabuuang produksyon ng mais kundi pati ang pagpapataas ng ani kada ektarya sa pamamagitan ng paggamit ng angkop na teknolohiya, dekalidad na binhi, at mas episyenteng pamamahala sa sakahan.

Isa rin sa mga pangunahing pokus ng programa ang pagtatatag at ganap na paggamit ng mga

(SEE PAGE 7)

## Paggamit ng Hybrid Rice Seeds at Bio-Fertilizers isinulong ng DA-4A Rice Program

Aabot sa mahigit walong daang (800) magpapalay mula sa ibat-ibang bayan sa Laguna at Quezon ang dumalo sa isinagawang Hybrid Rice and Fertilizer Derby na pinangunahan ng Department ofAgriculture IV-CALABARZON (DA-4A) Rice Program noong ika-2 hanggang ika-4 ng Abril, 2025 sa Pila, Laguna.

Dito ay isinulong ng DA-4A ang paggamit ng Hybrid Rice Seeds at Bio-Fertilizers sa mga magpapalay para sa mas mataas na ani na may mas mababang gastos sa produksyon habang napapanatili o napapaganda ang kondisyon ng lupa.

Tampok sa naturang derby ang pagpapakilala at pagbibida sa apatnapung (40) produkto mula sa

dalawampu't apat (24) na kumpanya ng binhi, abono, at pestisidyo. Ang mga datos na makakalap sa naturang aktibidad ang magiging basehan ng programa ng mga interbensyon ipapamahagi sa mga magpapalay ng rehiyon.

(SEE PAGE 7)

ACCEPTING ADS - 09975232302/0922-3648349 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com / pahayagancavite@gmail.com

## Ang Dapat Maintindihan ng mga Filipino Tungkol sa Scarborough Shoal Sass Rogando Sasot



*Kulang ang pag-unawa ng mga Pilipino sa sitwasyon ng Scarborough Shoal. Oras na para bigyang liwanag ang maraming kalituhan tungkol dito at kung ano ang desisyon ng 2016 South China Sea Arbitration Tribunal tungkol dito.*

*Bago ang lahat, MALI ang katagang PCA ruling na sinasabi ng mga pulitiko at ng mainstream media dahil ang PCA ay isang REGISTRY lamang ng South China Sea Arbitration Tribunal.*

*1. Ang soberanya ng Scarborough Shoal ay pinagtatalunan ng Pilipinas at China.*

*2. Sa desisyon ng South China Sea Tribunal noong 2016, ang Scarborough Shoal ay legally classified na isang "bato" at hindi isang "isla." Ito ay nasa Paragraph 554 ng 2016 South China Sea Arbitration decision (Award).*

*Ang pinagkaiba ng isang legally "bato" at legally "island" ay ang mga sumusunod:*

*a) ang isang legally classified na "island" ay pwedeng magkaroon ng 12NM territorial sea, 200NM exclusive economic zone, contiguous zone, at continental shelf;*

*b) ang isang legally classified na bato ay meron lang 12NM territorial sea at internal waters.*

*3. Ang Scarborough Shoal ay may dalawang parte ng katubigan:*

*a) Ang lagoon (Area A)*

*b) Ang 12NM territorial sea mula sa baseline ng Scarborough Shoal (Area B)*

*4. Ang soberanya ng Scarborough Shoal ay disputed. Walang bansa ang may international recognition na may de jure sovereignty sa Scarborough Shoal. Ang China ang may "effective occupation." Ang "effective occupation" ay isang kondisyon para magkaroon ka ng de jure sovereignty. Ang Tsina ay may DE FACTO na soberanya sa shoal.*

*5. Ang pagkakamali ng Pilipinas ay inalis ng administrasyong Aquino ang mga barko ng PH sa lagoon dahil ito ang payo ng mga Amerikano. Isinulat ko sa aking libro ang tungkol sa ibang landas na dapat tinahak ng administrasyong Aquino na maaaring magresulta sa isang anyo ng joint sovereignty arrangements sa Scarborough Shoal, katulad ng joint sovereignty ng Spain at France sa Pheasant Island.*

*6. Sa South China Sea Tribunal, ang ipinaglaban ng Pilipinas ay HINDI ang soberanya sa Scarborough Shoal kundi ang traditional fishing rights ng mga Filipino fishermen sa SURROUNDING WATERS ng Scarborough Shoal. Ito ay ang area B sa larawan, pati na rin sa katubigan mula sa surrounding waters at palabas dito. Ito ay mga katubigan sa PALIGID LAMANG at hindi sa LOOB ng Scarborough Shoal.*

*Ito ay napakahalagang maintindihan ng mga Pilipino:*

*Ang Paragraph 761 ng 2016 South China Sea Arbitration decision ay patungkol sa "traditional fishing rights" sa "surrounding waters" (Area B) at hindi sa lagoon (Area A).*

*Ang "surrounding waters" ay ang 12NM territorial sea ng Scarborough Shoal.*

*8. Kinilala ng 2016 South China Sea tribunal na ang mga mangingisdang Filipino, Chinese, at maging ang mga Vietnames ay LAHAT may "traditional fishing rights" sa surrounding waters ng Scarborough Shoal. Ito ay mababasa sa Paragraph 761 ng desisyon:*

*"Even as several States have claimed sovereignty over Scarborough Shoal, there is evidence that the surrounding waters have continued to serve as traditional fishing grounds for fishermen, including those from the Philippines, Viet Nam, and China (including from Taiwan)."*

*Una, ang Pilipinas ay hindi maaaring mag-demand ng "traditional fishing rights" sa lagoon (Area A). Walang "traditional fishing rights" sa lagoon ang ni-recognize ng 2016 South China Sea Arbitration decision. Ang Area A ay maaaring ituring na "internal waters" ng Scarborough Shoal. Ang China ay may de facto sovereignty sa Scarborough Shoal. At dahil dito lehitimo ang pag-exclude ng mga ibang mangingisda sa lagoon ng Scarborough Shoal. Kung gusto ng Pilipinas na makapangisda sa LAGOON, dapat nitong patunayan sa International Court of Justice na may soberanya ang Pilipinas sa Scarborough Shoal.*

*Ikalawa, hindi maaaring pigilan ng China ang mga mangingisdang Pilipino na mangisda sa labas ng Scarborough Shoal (Area B). It doesn't matter if China recognizes the 2016 South China Sea Arbitration or not. Ang traditional fishing rights ay PRIBADONG KARAPATAN ng mga mangingisdang Filipino. At ito ay protektado ng customary international law.*

*Ikatlo, dapat ay maging malinaw ang Pilipinas kung saan hindi pinapayagang mag-operate ang mga mangingisdang Pilipino. Kung ito ay sa LAGOON (Area A), ang desisyon ng 2016 South China Sea Tribunal ay hindi kinikilala ang ganoong karapatan. Kung ito ay sa SURROUNDING WATERS (Area B), ito lamang ang maaaring igiit na naaayon sa desisyon ng 2016 South China Sea Arbitration.*

*Ikaapat, ang mga mangingisdang Pilipino ay hindi maaaring mag-claim ng exclusionary traditional fishing rights sa nakapalibot na tubig ng Scarborough Shoal. Dahil HINDI ITO CONSISTENT sa deklarasyon ng 2016 South China Sea Tribunal na ang NAKAPALIBOT na tubig sa Scarborough Shoal ay tradisyonal na fishing ground ng maraming nasyonalidad, kabilang na ang mga Chinese at Vietnamese. Ito ay nasa Paragraph 761 ng 2016 South China Sea Arbitration.*

*Ikalima, ang solusyon sa Scarborough Shoal ay hindi drama. Ang solusyon ay isang negosasyon ng fishing agreement with China na naka-angkla sa pagrespeto ng traditional fishing rights ng mga mangingisda ng Pilipinas, China, at Vietnam.*

## Panibagong Yugto ng Pulitika: Anunsyo ni Sara Duterte sa Pagkapangulo

EDITORIAL

Sa muling pag-ugong ng usapin sa 2028, naging sentro ng pambansang talakayan ang anunsyo ni Sara Duterte ng kanyang planong pagtakbo sa pagkapangulo. Para sa ilan, ito ay inaasahang hakbang—isang pagpapatuloy ng impluwensiya at pangalang matagal nang may bigat sa pambansang pulitika. Para sa iba naman, isa itong hamon sa direksiyong tatahakin ng bansa sa susunod na mga taon.

Hindi maikakaila na ang apelyidong Duterte ay may malalim na marka sa kontemporaryong politika. Ngunit higit sa pangalan, ang mas mahalagang tanong ngayon ay: ano ang malinaw na plataporma? Sa panahon ng tumitinding isyu sa ekonomiya, trabaho, presyo ng bilihin, pambansang seguridad, at soberanya, ang mga botante ay naghahanap ng higit pa sa personalidad—hinahanap nila ang konkretong plano.

Ang pagtakbo sa pagkapangulo ay hindi lamang pagpapakita ng popularidad. Ito ay panata ng pamumuno sa gitna ng krisis at pagbabago. Ang sinumang naghahangad mamuno ay dapat maglatag ng malinaw na tindig sa mahahalagang usapin: paano palalakasin ang ekonomiya? Paano poprotektahan ang interes ng bansa sa harap ng tensiyong panlabas? Paano titiyakin ang transparency at pananagutan sa pamahalaan?

Sa isang banda, may mga tagasuporta na naniniwalang ang kanyang karanasan sa pambansang posisyon ay sapat na paghahanda. Sa kabilang banda, may mga kritiko na humihiling ng mas detalyadong paliwanag sa mga isyung bumalot sa nakaraan at sa kanyang pananaw sa hinaharap.

Ang mahalaga ngayon ay ang kalidad ng diskurso. Ang anunsyo ay simula pa lamang ng mas masinsing pagsusuri. Hindi dapat mauwi ang usapan sa personalan o blind loyalty. Sa halip, dapat itong maging pagkakataon para sa mas mataas na antas ng debate—batay sa datos, polisiya, at malinaw na direksiyon.

Sa huli, ang desisyon ay nasa taumbayan. Ang pagtakbo sa pagkapangulo ay karapatan; ang pagpili ng mamumuno ay kapangyarihan ng mamamayan. Ang anunsyo ni Sara Duterte ay nagbukas ng panibagong kabanata—ngunit ang magiging wakas nito ay nakasalalay sa kung paano niya mahihikayat ang publiko hindi lamang sa pangalan, kundi sa malinaw at matibay na plano para sa bayan.

**EDITOR'S NOTE:**

_All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
PAPER.Ph MEMBER
An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Manila under Permit

N0 200305 on May 27, 2003

**ERNA BALAGTAS ANCHETA**
Publisher

**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief
**DIOSAN MARUAL**
**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager

**ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ**
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |




## Mas Kompetitibo at Sustainable na Mais, Isinusulong ng DA.....

soil laboratory sa mga rehiyon upang maisagawa ang regular at siyentipikong pagsusuri ng lupa. Layunin nitong matiyak ang wastong aplikasyon ng inirerekomendang pataba, maiwasan ang labis o kulang na paggamit ng inputs, at mapanatili ang kalusugan at produktibidad ng lupa sa pangmatagalang panahon—isang mahalagang hakbang tungo sa mas matatag at sustainable na produksyon ng mais.

Tinalakay rin ang pagpapahusay ng mga pasilidad sa pagproseso ng mais, kabilang ang pagpapaunlad ng value-adding activities upang makalikha ng dagdag-halaga sa produkto at mapalawak ang mga oportunidad sa merkado para sa mga magsasaka. Sa pamamagitan ng mas episyenteng pagproseso at mas matibay na market linkages, layunin ng DA-NCP na mapataas ang kita ng mga magsasaka at mapalakas ang kanilang kakayahang makipagsabayan sa lokal at pandaigdigang merkado.

Kaugnay nito, kasalukuyang sinusuri ng DA-NCP ang isang panukalang pamumuhunan para sa posibleng pagtatatag ng mga makabagong corn post-harvest facilities sa piling mga lugar. Layunin ng inisyatibang ito na tugunan ang mga kakulangan sa post-harvest handling, mabawasan ang pagkalugi matapos ang anihan, mapabuti ang kalidad ng butil, at makapag-ambag sa mas mataas na produktibidad at kita ng mga magsasaka ng mais.

Sa kabuuan, nagsilbing mahalagang hakbang ang 2027 Strategic Planning Workshop ng DA-NCP sa pagpapatibay ng koordinasyon at estratehikong direksyon ng National Corn Program, na naglalayong gawing mas kompetitibo, inklusibo, at sustainable ang industriya ng mais sa bansa, habang isinusulong ang kapakanan at kaunlaran ng mga magsasakang Pilipino.

## Suporta sa Anti-Political Dynasty Bill, ......

ng pagkakamag-anak na dapat saklawin ng batas.

Ayon sa ilang civic groups at akademiko na dumalo sa forum, mahalagang balansehin ang layunin ng Konstitusyon na isulong ang pantay na oportunidad sa serbisyo publiko at ang karapatan ng mga indibidwal na lumahok sa demokratikong proseso. Iginiit din nila na ang anumang bersyon ng batas ay dapat malinaw, hindi malabo, at may sapat na safeguards laban sa posibleng pag-abuso o maling interpretasyon.

Samantala, binigyang-diin ng mga organizer ng konsultasyon na ang serye ng mga forum ay bahagi ng mas malawak na hakbang upang makuha ang pulso ng iba't ibang rehiyon bago tuluyang ihain o amyendahan ang panukalang batas sa Kongreso. Inaasahang isasama sa pinal na bersyon ng panukala ang mga rekomendasyong nakalap mula sa parehong Carmona at Cebu consultations.

Sa kabuuan, ipinakita ng magkasunod na konsultasyon na bagama't may umiiral na pagkakaiba-iba ng pananaw sa iba't ibang lugar, patuloy ang diskurso at partisipasyon ng publiko—isang mahalagang hakbang sa paghubog ng isang batas na tunay na sumasalamin sa boses ng mamamayan.

### Paggamit ng Hybrid Rice Seeds at Bio-Fertilizers isinulong ng DA-4A Rice.....

Ayon kay DA-4A Regional Executive Director Fidel L. Libao, mahalaga ang mga ganitong aktibidad upang makilala ng mga magpapalay ang mga bagong teknolohiyang makakatulong upang mapataas ang kanilang ani sa mas mababang halaga ng produksyon. Aniya, kahit mababa ang kasalukuyang presyo ng palay, kung tataas naman ang ani ay mababawi din bahagya ito.

Samantala, ibinahagi naman ni Gng. Nimfa Pegera, isang magpapalay ng Pagbilao, Quezon, ang

kanyang obserbasyon sa nabanggit na derby. Napansin niya ang magandang epekto ng paggamit ng hybrid seeds at bio-fertilizers sa mga palayan. Aniya, ito ay kanyang susubukan at mag-eenganyo ng iba pang kasamahan. ######

## PH, US team up to boost nuclear energy bid in domestic economy

MANILA – Philippine and United States officials, along with private sector representatives, on Monday signed three memoranda of understanding (MOUs) to support nuclear energy development.

The Philippines aims to include nuclear power in its energy mix while increasing renewable energy's share of total capacity to 35 percent by 2030 and 50 percent by 2040.

One MOU, signed by the US Trade and Development Agency and the Manila Electric Company (Meralco), provides USD2.7 million for a feasibility study on deploying US-designed small modular reactors (SMRs) in the country.

The study will begin this year and is expected to be completed within 12 to 18 months, Meralco PowerGen Corporation (MGEN) president and chief executive officer (CEO) Emmanuel Rubio said after the signing.

Meralco chairman and CEO Manuel Pangilinan said the company is considering deploying 150-megawatt SMRs starting in 2035.

"When finalized, this work will provide a pathway for the deployment of safe and secure advanced US nuclear technologies that will deepen ties between our two countries for decades to come," the US government fact sheet said.

The two other MOUs involve agreements between the Philippine-American Educational Foundation and the Technical Education and Skills Development Authority, and between Philippine-American Educational Foundation-Fulbright Philippines and Aboitiz Power Corporation, to develop specialized vocational and higher education curricula for the civil nuclear industry.

Energy Secretary Sharon Garin said investors are expected to formalize their interest once the Department of Energy, Energy Regulatory Commission, Department of Environment and Natural Resources, and Philippine Atomic Energy Regulatory Authority release the application guidelines.

"We're ready by this year. If somebody applies, that's our target, all agencies will be ready to accept applications," she said in an interview.

Ann Ganzer, Principal Deputy Assistant Secretary at the Bureau of Arms Control and Nonproliferation of the US Department of State, said the Philippines has been among the first partners in the US Foundational Infrastructure for Responsible Use of Small Modular Reactor Technology (FIRST) Program since 2021.

She said energy cooperation strengthens the US-Philippine alliance, and the US "government is committed to taking a leading role in supporting the Philippines as a steadfast friend and partner on the path to adopting nuclear energy."

"The United States is fully dedicated to supporting the Philippines through a comprehensive whole-of-government approach, working hand-in-hand with our close ally to achieve lasting energy security in every way we can. These critical steps towards achieving the Philippines' ambitious goals, and I underscore it, the United States is here to support the Philippines every step of the way," she said. (PNA)

## GUHIT NG KAPALARAN

**PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) –** Seryosohin ang disiplina sa pagkain kung gustong gumaling. Uminom ng maraming tubig. Makakatulong ang meditation para magkaroon ng kalmadong isip at kalooban. Lucky numbers at color for the day ang 28, 18, 35, 42, 55 at red rose.

**ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) –** Lahat ng hinahangad ay makakamtan. Masaya ka kung hindi magpapaapekto sa mapanirang tsismis. Lucky numbers at color for the day ang 15, 55, 36, 28, 45 at satin white.

**TAURUS: (Abr. 20-May. 20) –** Investor sa negosyo ang darating. Ang pagkakasundo ninyo ay katumbas ng dagdag na blessings. Lucky numbers at color for the day ang 41, 16, 23, 38, 55 at mango orange.

GEMINI: (May. 21-Hun. 21) – Hanapin ang feel good sa karanasan. Panghawakan ang katotohanan at maging matalino sa lahat ng pagkakataon. Lucky numbers at color for the day ang 42, 25, 35, 12, 55 at lilac violet.

**CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) –** Makikita mo ang kabuluhan ng iyong pagkatao. Ang totoo ang magpapalaya sa iyo. Ingatan ang health. Lucky numbers at color for the day ang 21, 25, 52, 35, 12, 42 at sun yellow.

**LEO: (Hul. 23-Ago. 22) –** In service of life ang work mo ngayon. Magpasalamat sa Maykapal sa mga tinugon na hinahangad. Lucky numbers at color for the day ang 28, 16, 46, 36, 57 at lava red.

**VIRGO: (Ago. 23-Set.23) –** Feel mo ang buhos ng biyaya. Kaya naman game kang i-share ito sa mga tao sa iyong paligid. Lucky numbers at color for the day ang 45, 51, 36, 17, 27 at baby pink.

**LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) –** Makilala mo ang taong muling magpapatibok ng puso. Magiging masaya ang mga susunod na araw mo. Lucky numbers at color for the day ang 35, 58, 21, 47, 16 at pearl white.

**SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) –** Magiging magaan ang araw dahil sa hindi inaasahang tulong na darating sa'yo. Magpasalamat. Lucky numbers at color for the day ang 55, 41, 28, 31, 12 at ice blue.

**SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) –** Increasing ang income dahil sa good deeds. Kung mananatiling mapagpakumbaba, lalo kang pagpapalain. Lucky numbers at color for the day ang 47, 18, 35, 28, 55 at mocha brown.

**CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) –** Cooperative ang mga kasamahan, kaya makakamit ang goal ninyo as a team. Incentives are coming! Lucky numbers at color for the day ang 27, 38, 15, 47, 55 at fuchsia pink.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) – Matutuklasan ang secret of success sa meditation. Maaakit ang helpful people. Lucky numbers at color for the day ang 18, 32, 22, 56, 41 at dollar green.

# Medical and Dental...

improving access to healthcare for its constituents, particularly those in remote areas who may face barriers in reaching medical facilities.

Mayor Domingo expressed his gratitude to the partners and volunteers who made the event possible, emphasizing that "through collective action and compassion, we can bring essential health services closer to our community."

Representatives from Operation Blessing Foundation Philippines Inc. highlighted the importance of such missions in promoting preventive healthcare, noting that early detection and treatment of medical and dental conditions can significantly improve quality of life for residents.

Community members expressed their appreciation for the outreach, many citing difficulty in accessing specialized medical services due to distance or financial constraints. "This mission is a blessing for us," said one patient. "We were able to have our checkups and even get medicines for free, which we wouldn't have been able to afford otherwise."

The LGU of Amadeo has committed to continuing such partnerships in the future, ensuring that health initiatives remain a priority in the municipality's development agenda. By bringing services directly to barangays, the local government aims to foster a healthier and more resilient community.

The LGU also reported that volunteers from local health centers and barangay health workers played a crucial role in organizing the event, managing patient flow, and ensuring that everyone received timely consultations. Their efforts helped the mission run smoothly, allowing doctors and dentists to focus on delivering quality care.

Health experts involved in the mission stressed that such programs are not only about treatment but also about raising awareness on preventive measures, hygiene, and nutrition. Educational materials and brief health talks were provided during the event to encourage residents to adopt healthier lifestyles.

Looking ahead, Mayor Domingo announced plans to conduct similar missions in other barangays across Amadeo, underlining the LGU's goal of building a healthier and more resilient community. "Healthcare should never be a privilege," he said. "We are committed to making it accessible for all.

Several local schools and community groups also joined the initiative, helping distribute supplies, guide patients, and provide support to the medical teams. Their participation highlighted the collaborative spirit of the barangay, showing that improving community health is a shared responsibility that extends beyond government and medical organizations.




**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**TRECE MARTIRES CITY**

**BANK OF THE PHILIPPINE ISLANDS**
**(SUCCESSOR-IN-INTEREST OF**
**BPI FAMILY SAVINGS BANK, INC.)**
Petitioner-Mortgagee,
-versus-
**SPOUSES LOVELYN GAVIOLA CALE**
**A.K.A. LOVELYN G. CALE**
**A.K.A. LOVELYN CALE SASIDEVI**
**and PRADEEP ALBERT SASIDEVI**
**A.K.A. PRADEEP A. SASIDEVI**
Respondent/s-Mortgagor/s-Borrower/s.

**FORECLOSURE CASE NO. F-810-25**
**x------------------------------------------------------------x**

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by Petitioner-Mortgagee-Creditor, BANK OF THE PHILIPPINE ISLANDS (SUCCESSOR-IN-INTEREST OF BPI FAMILY SAVINGS BANK, INC.), with business address at Bank of the Philippine Islands, 28/F, Ayala Triangle Gardens Tower 2, Paseo de Roxas cor Makati Avenue, Bel-Air, Makati City, against the Respondents-Mortgagors-Borrowers, SPS. LOVELYN GAVIOLA CALE A.K.A. LOVELYN G. CALE A.K.A. LOVELYN CALE SASIDEVI married to PRADEEP ALBERT SASIDEVI A.K.A. PRADEEP A. SASIDEVI, with residence and postal addresses at (1) Blk. 69, Lot 40 & 42, Ph4, Makati Drive, City Homes Sampaloc II, Dasmariñas, Cavite; (2) Lot 32, Blk. 19 Ph-01, The Gentri Heights, Brgy. Manggahan, General Trias, Cavite and (3) Blk. 69, Lot 40 & 42 Ph-4, Makati Drive, Cityhomes, Sampaloc IV, Dasmariñas, Cavite, to satisfy the mortgage indebtedness which as of November 11, 2025 amounts to FOUR MILLION ONE HUNDRED FIFTY NINE THOUSAND THREE HUNDRED TWENTY ONE PESOS and 74/100 (P4,159,321.74), Philippine Currency, inclusive of interest, penalties and other charges as of said date but exclusive of other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on MARCH 04, 2026 at 10:00 o'clock in the morning until 12:00 o'clock noon, at the main entrance of the Government Center Building located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder for CASH and in Philippine Currency, the following described property with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 057-2021030260**

A parcel of land (Lot 32, Blk. 19 of the cons. and subd. plan, Pcs-04-011470, being a portion of the cons of Lot 2843-A, 1-A, Psd-04-079043 and Lots 2839 and 3189, S.F.M. Estate (RS-042108-001891), LRC Rec. No.), situated in the Brgy. of Manggahan, Municipality of Gen. Trias, Prov. of Cavite. Bounded on the SE., along line 1-2 by Lot 30, Blk. 19; on the SW., along line 2-3 by Rd. Lot 20; on the NW., along line 3-4 by Lot 34; & on the NE., along line 4-1 by Lot 33, both Blk. 19, all of the cons-subd. plan. Beginning at a point marked "1" on plan xxx **containing an area of ONE HUNDRED TWENTY (120) SQ. METERS, x x x**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said time and date, it shall be held on MARCH 18, 2026 without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances thereon, if any there be.

Trece Martires City, 04 FEB 2026

RICARDO A. TOLEDO
Sheriff IV

Copy furnished:

BPI LEGAL DIVISION
Counsel for the Petitioner- Mortgagee
BPI BUENDIA CENTER
27th Floor, BPI Buendia Center Bldg.
372 Sen. Gil Puyat Ave., Brgy. Bel-Air, Makati City

SPS. LOVELYN GAVIOLA CALE SASIDEVI & PRADEEP ALBERT SASIDEVI
(1) Blk. 69, Lot 40 & 42, Ph4, Makati Drive, City Homes Sampaloc II, Dasmariñas, Cavite
(2) Lot 32, Blk . 19 Ph-01, The Gentri Heights, Brgy. Manggahan, General Trias, Cavite
(3) Blk, 69, Lot 40 & 42 Ph-4, Makati Drive Cityhomes, Sampaloc IV, Dasmariñas, Cavite

**PAHAYAGAN NG KABITENYO**
**FEBRUARY 9, 16 & 23, 2026**

# PhilHealth reaffirms commitment to accessible care during NHIP Month

The Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth) has reaffirmed its commitment to sustain primary care gains and further expand access to health services nationwide as it observed National Health Insurance Program (NHIP) Month.

In a news release on Friday, PhilHealth President and Chief Executive Officer Edwin Mercado said the observance serves as a reminder of the agency's mandate to provide reliable and equitable health insurance coverage to all members.

"Ito ang aming mandato: Sa Bagong Pilipinas, mayroon tayong Mabilis, Patas at Mapagkakatiwalaang PhilHealth (This is our mandate: In the New Philippines, we have a PhilHealth that is fast, fair, and trustworthy)," Mercado said.

He noted that PhilHealth continues to enhance its benefit packages, streamline processes, and improve partnerships with healthcare providers to make services more responsive and accessible.

With this year's theme, "Ka-YAKAP ang Pilipino sa Kalusugang Segurado," the state health insurer underscored its focus on strengthening primary care benefits, expanding coverage for high-cost illnesses, and ensuring that members—especially vulnerable sectors—are adequately supported.

It also called on members, healthcare providers, and stakeholders to work together in advancing the goals of the NHIP and in building a health system that is efficient, fair, and trustworthy for every Filipino.

To further improve services for patients with severe heart conditions, the PhilHealth and the Philippine Heart Center (PHC) reaffirmed their commitment to strengthening cardiovascular care during the 7th Annual Summit 2026, focused on the Open Heart Z Benefit Package.

Mercado emphasized that the partnership plays a crucial role in guaranteeing that patients who require heart surgery receive comprehensive financial coverage under the expanded Z Benefit Package.

"Our strong and productive collaboration with the Philippine Heart Center ensures that every Filipino in need of heart surgery can access quality and affordable medical services," Mercado said.

The Open Heart Z Benefit Package covers complex and high-cost medical conditions, including selected cardiovascular procedures, providing substantial financial risk protection to members and their families.

In 2025, PhilHealth increased the package rates for Coronary Artery Bypass Graft (CABG), Closure of Ventricular Septal Defect (VSD), and Total Correction of Tetralogy of Fallot (TOF).

The CABG now ranges from PHP660,000 to PHP960,000, up from PHP550,000; the VSD ranges from PHP498,000 to PHP614,000, up from the previous PHP250,000; and the TOF costs up to PHP614,000, previously at PHP320,000.

The Heart Valve Repair and Replacement Z Benefits Package covers PHP642,000 to PHP810,000, while cardiac rehabilitation packages are worth PHP15,000 for adults and PHP6,500 for children.

Patients with rheumatic fever or rheumatic heart disease undergoing treatment may also enroll in the outpatient benefit package under PhilHealth Circular 2019-0005.

If admitted under ward accommodations in PhilHealth-contracted facilities nationwide, qualified members and dependents can avail of these without co-payments. (PNA)



# Ngiting Malusog ng Kabataan: Oral Health Month Celebration sa Trece Martires





Isinagawa ang Oral Health Month Celebration na dinaluhan ng 250 daycare students mula sa 10 daycare centers, bilang bahagi ng patuloy na adbokasiya sa maagang pangangalaga sa kalusugan ng mga kabataan.

Matapos ang talakayan, isinagawa ang question and answer session kasama ang mga magulang at tagapag-alaga, kung saan naging aktibo at positibo ang kanilang partisipasyon.

Bilang pagkilala sa mga batang may maayos na oral health at sa malikhaing partisipasyon ng mga kalahok, isinagawa ang Awarding of Orally Fit Children at Best Dressed. Namahagi rin ng oral health kits sa lahat ng kalahok, pati na ng iba pang kinakailangang gamot para sa mga bata.

Patuloy ang Lokal na Pamahalaan ng Trece Martires sa pagsusulong ng mga inklusibo, makatao, at may malasakit na programang pangkalusugan, upang matiyak na walang batang naiiwan at lahat ay may pagkakataong lumaki nang malusog, may sapat na kaalaman, at suportado ng kanilang pamilya at komunidad.




**Republic of the Philippines**
**Fourth Judicial Region**
**Regional Trial Court Of Cavite**
**Office of the Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff**
**New Justice Hall, J.P. Rizal Avenue, Kaybagal South, Tagaytay City**

**BANK OF THE PHILIPPINE ISLANDS**
**(SUCCESSOR-IN-INTEREST OF**
**BPI FAMILY SAVINGS BANK, INC.),**
Petitioner-Mortgagee,
-versus-
**SPOUSES MA. EVA C. SANO A.K.A. MA. EVA CANETE SANO AND HISAYUKI SANO,**
Respondent/s-Mortgagor/s-Borrower/s.

**EJF NO. TG-25-129**
For: Extra-Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage under Act No. 3135 as amended by Act No. 4118
X ---------------------------------X

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-judicial foreclosure sale under Act 3135, as Amended by Act No. 4118, filed by Petitioner-Mortgagee, **BANK OF THE PHILIPPINE ISLANDS (SUCCESSOR-IN-INTEREST OF BPI FAMILY SAVINGS BANK, INC.),** a banking corporation duly organized and existing under the laws of the Philippines, with principal office and place of business at Bank of the Philippine Islands, 28/F Ayala Triangle Gardens Tower 2, Paseo de Roxas cor. Makati Avenue, Bel-Air, Makati City, pursuant to the terms and conditions of the Mortgage Loan Agreement ("MORTGAGE") executed and notarized July 12, 2016 by Respondent/s-Mortgagor/s-Borrower/s, **SPOUSES MA. EVA C. SANO A.K.A. MA. EVA CANETE SANO AND HISAYUKI SANO**, both of legal age, Filipino and Japanese citizens, married, with residence and postal addresses at (1) Block 8 Lot 32 Phase 6, Brgy. Biclatan, Governor Hills, General Trias, Cavite; (2) Lot 6 Blk 6 Tagaytay Fontaine Villas, Brgy. Kaytitinga, Alfonso, Cavite; and (3) 402 Lions Mansion, Makuharihongo 7-22-22, Hanamigawa-Ku, Chiba City, Japan 262-0033, represented by ANGELITA P. CANETE as per Special Power of Attorney executed and notarized on October 09, 2015, in favor of the Petitioner-Mortgagee, over a real estate property including improvements thereon, described in and covered by **TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 076-2017009323** of the Registry of Deeds for Tagaytay City, in order to satisfy the outstanding loan obligation of the Respondent/s-Mortgagor/s-Borrower's in the amount of **SIX HUNDRED SEVENTY THOUSAND SIX HUNDRED TWENTY-TWO PESOS AND 05/100 (Php670,622.05)** inclusive of interests, penalties and other charges, as of October 08, 2025, the undersigned Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Cavite thru her deputy, Ryan M. Genova, will sell at public auction on **March 19, 2026 at 10:00 o'clock in the morning** or soon thereafter, at the New Hall of Justice of Tagaytay City, to the highest bidder, for Cash or Manager's Check and in Philippine Currency, the following property with all its improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE**
**NO. 076-2017009323**
**Registry of Deeds for Tagaytay City**

"IT IS HEREBY CERTIFIED that certain land situated in THE BRGY. OF KAYTITINGA, MUN. OF ALFONSO, PROV. OF CAVITE, IS. OF LUZON, bounded and described as follows:
**LOT NO:** 6, BLK, 6 OF THE SUBD. PLAN PSD-04-217167, BEING A PORTION OF LOT D-1, (LRC) PSD-172056, LRC REC. NO
**PLAN NO:** PSD-04-217167
**PORTION OF:** LOT D-1, (LRC) PSD-172056
**LOCATION:** THE. BRGY. OF KAYTITIINGA, MUN, OF ALFONSO, PROV. OF CAVITE, IS, OF LUZON

**BOUNDARIES:**

| LINE | DIRECTION | ADJOINING LOT(S) |
|---|---|---|
| 1-2 | SW | LOT 5, BLK. 6 OF THE SUBD. PLAN; |
| 2-3 | NW | C, PSD-11007; |
| 3-4 | NE | LOT 7, BLK. 6 AND |
| 4-1 | SE | ROAD LOT 2 (8.00 M. WIDE) BOTH OF THE SUBD. PLAN. |

**TIE POINT:** BLBM NO. 2, BO. OF CAYTITINGA, MUNICIPALITY OF ALFONSO, PROVINCE OF CAVITE

| | LINE | BEARING | DISTANCE |
|---|---|---|---|
| TO CORNER | 1 | N. 05°54′ E | 1506.18 M. |
| | 1-2 | N. 17° 22' W | 11.00 M |
| | 2-3 | N. 72°38′ E | 8.00 M |
| | 3-4 | S. 17° 22' E | 11.00 M |
| | 4-1 | S. 72° 38' W | 8.00 PM |

**AREA:** EIGHTY EIGHT SQUARE METERS (88), MORE OR LESS
**DESCRIPTION OF CORNERS:**
**BEARINGS:**
**DECLINATION:**
**DATE OF ORIGINAL SURVEY:** NOV. 19 & 20 & DEC. 18-20, 1934
**DATE OF SUBD/CONS SURVEY:** JULY 19-30, 2010
**DATE OF APPROVED SURVEY:** NOV. 9, 2010
**GEODETIC ENGINEER:**
**NOTES:**
is registered in accordance with the provision of the Property Registration Decree in the name of
**Owner:** MA. EVA C. SANO, FILIPINO, MARRIED TO HISAYUKI SANO, JAPANESE
**Address:** 402 LIONS MANSION MAKUHARIHONGO 7-22-22 HANAMIGAWA-KU CHIBA CITY JAPAN 262-0033"

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **March 26, 2026** without further notice.

Prospective bidders or buyers are hereby enjoined to investigate and verify for themselves the **TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 076-2017009323,** the encumbrances thereon, if any there be.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

Tagaytay City, Philippines, January 26, 2026.

**ATTY. VARBRA ANN A. VARIAS-DIMAYUGA**
Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff

RYAN M. GENOVA
Sheriff-in-charge

**WARNING:**
IT IS ABSOLUTELY PROHIBITED TO REMOVE, DEFACE OR DESTROY THIS NOTICE OF SHERIFF'S SALE ON OR BEFORE THE DATE OF THE AUCTION SALE UNDER THE PENALTY OF LAW
Note:
Publication was awarded to: **PAHAYAGAN NG KABITENYO**
Date of Publication: **FERBRUARY 2, 9 & 16, 2026**

**Copy Furnished:**
**BANK OF THE PHILIPPINE ISLANDS**
**(SUCCESSOR-IN-INTEREST OF BPI FAMILY SAVINGS BANK, INC.)**
Petitioner-Mortgagee
Bank of the Philippines, 28/F Ayala Triangle Gardens Tower 2, Paseo de Roxas cor. Makati Avenue, Bel-Air, Makati City

**Spouses Ma. Eva C. Sano, A.K.A. Ma. Eva Canete Sano and Hisayuki Sano**
Respondent/s-Mortgagor/s-Borrower/s
(1) Block 8 Lot 32 Phase 6, Brgy. Biclatan, Governor Hills, General Trias, Cavite
(2) Lot 6 Bik 6 Tagaytay Fontaine Villas, Brgy. Kaytitinga, Alfonso, Cavite
(3) 402 Lions Mansion, Makuharihongo 7-22-22, Hanamigawa-Ku, Chiba City, Japan 262-0033
**ANGELITA P. CANETE**
Attorney-in-Fact of the Respondent/s-Mortgagor/s-Borrower/s
Phase 6 Block 8 Lot 32, Biclatan, Governor Hills, General Trias, Cavite, Philippines

